# Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maunawain

# Ano ang Banal na Qur-an?

Ang Banal na Qur-an ay ang salita ng Allah,ang Panginoon ng sanlibutan at tagapaglikha nito,Ibinaba ito sa pinakahuling Propeta at Sugo na si Muhammad -sallallāhū 'alayhi wa sallam-upang ipahayag sa sangkatauhan ang layunin ng pagkalikha sa kanila,at upang gabayan sila tungo sa kung ano ang magdudulot sa kanila ng kaligayahan sa mundo at kabilang-buhay, at upang palayain sila sa walang hangaang paghihirap pagkatapos ng kamatayan.Ito rin ang pinakahuli sa mga Banal na Aklat na ipinahayag,nagpapatotoo [sa mga nauna] rito at nagpapawalang- bisa sa mga batas nito.

Ang Banal na Qur-an ay isang walang-hanggang palatandaan at himala, ito ay patunay sa propesiya ng sugo ni Allah na si Muhammad-sallallāhū 'alayhi wa sallam. Hinamon ng Allah ang sangkatauhan at mga Jinn na gumawa ng katulad nito,o kahit man lang ng isang kabanata mula rito,ngunit hindi nila ito nakayanan.

Hindi ito kailanman inabot ng kamay [upang itoy] baluktutin o palitan mula ng humigit kumulang sa 1400 na taon, at itoy mananatili na pinangangalagaan sa wikang arabiko kung saan ito ipinahayag,sapagkat tiniyak ng Allah Subhānahu wa Ta'āla ang pangangalaga rito hanggang sa katapusan ng mundo.

Ang Banal na Qur-an ay ang pangunahing pinagmumulan ng Islam,at konstitusyon na nag-aayos sa pamumuhay ng tao, at humahatol rito sa lahat ng oras at lugar. Nag-aanyaya ito ng pagsamba sa Nag-iisang Panginoon na Tagapaglikha. At nagpapahayag kung ano ang kailangan ng tao upang makilala ang kanyang Panginoon at relihiyon, at ang panimula ng pagkalikha sa sansinukob, ang mga yugto ng paglikha sa tao, at ipinapahayag din nito ang tungkol sa mga nakaraan at hinaharap na hindi nakikita [Ghayb], ang tungkol sa mga kwento ng mga naunang propeta-alayhimus salam,kung paano sila tinulungan ng Allah at winasak ang kanilang mga kaaway. Naglalaman din ito ng mga batayan [patungkol sa mga gawaing] pagsamba at [pananalapi na] pakikipagtransaksiyon at nag-aanyaya tungo sa mainam na pag-uugali,at nagbibigay babala sa mga hindi kanais-nais na pag-uugali. [Naglalaman din ito] kung ano ang patutunguhan sa Kabilang-buhay;Ang Paraiso na tahanan ng mga naniniwala o ang Impiyerno na tahanan ng mga hindi makatarungan at walang paniniwala.

At dahil sa kahalagahan ng dakilang Aklat na ito na ipinahayag ng Allah sa wikang Arabiko,at iniutos na iparating ito sa sangkatauhan; kinalulugid namin-sa mga mahal namin na mambabasa- na mabigyan ka ng mga pagsasalin nito sa iyong wika,upang mapadali ang pag-uunawa rito at makamit ang pagpaparating sa iyo nito.At talaga ngang ginugol ng mga grupo ng mga nagtrabaho rito ang kanilang pagsisikap sa pag-unawa sa mga kahulugan nito at pagsalin rito; nang may tiyak na kaalaman ,na kahit umabot sa pinakatumpak na pagsasalin ay mananatili parin itong kulang o hindi sapat sa pagbibigay ng dakilang kahulugan na nais ipahiwatig ng bawat teksto ng Mahiwagang Banal na Qur-an, na nakakahigit sa anumang gawain ng tao, at sinumang gustong matuto nang higit pa tungkol sa mga katotohanang nakapaloob sa Banal na Qur’an;  Inirerekomenda namin na matutunan niya ang wikang Arabe kung saan ito ipinahayag.

At kapayapaan sa mga Sugo, at ang lahat ng papuri ay sa Allah,Panginoon ng lahat ng mga nilikha.

Ensiklopediya ng Marangal na Qur-an

Maaari mong tingnan ang mga kahulugan ng Banal na Qur’an sa iyong wika sa pamamagitan ng pag-scan sa visual code (QR Code) gamit ang camera ng telepono

Ikinalulugod namin na matanggap ang iyong mga mungkahi at komento upang higit na mapabuti ang pagsasalin sa pamamagitan ng window ng mga komento na matatagpuan sa harap ng bawat talata sa website ng Holy Qur’an Encyclopedia.(www.quranenc.com),at sa mga nais na makipag-ugnayan sa amin maaari kang mag-email sa amin sa : info@quranenc.com

Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maunawain
Ano ang Banal na Qur-an?